Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 22 HUNYO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA LIBERTAD BRGY. HEALTH CENTER, LIBERTAD, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayer Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
KagawadJuanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad F_rdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Honesto O. Taytay

-o- -

KAPASYAHAN BLG. 060
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT, SA SANGGUNIANG BARANGAY NG LIBERTAD, ROXAS, SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, minsan sa isang buwan ay magdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang ikapiteng pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay Libertad, Hunyo 24, 1996;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Libertad at ng mga mamamayang nagnanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Libertad at mga mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Libertad sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong noong Hunyo 24, 1996.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Ramil O. Dimapilis na sinang - ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Libertad at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Hunyo 24, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Libertad, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Inocencio Venus, Punong Barangay para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 24 Hunyo 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. LASON
Municipal Mayor

merz/
062796

received by:
07/02/96
10:40 AM